


Alamin sa pamamagitan ng Man-ga

鏡開き (Kagami biraki)



Ang Kagami biraki ay isang kaganapan na bibiyakin ang Kagami mochi (rice cake) pagkalagpas ng Matsunouchi (sinusunod nationwide mula January 1-7, depende sa rehiyon). Sa pamamagitan ng pagbukas ng Kagami mochi (na kung saang ito ay sinasabing tirahan ng diyos), hinahatid ng mga tao ang Diyos ng Bagong Taon at ito ang pagpapahiwatig na tapos na ang Bagong Taon. Sinasabi na sa pamamagitan ng pagkain ng Kagami mochi (rice cake) kung saan naninirahan ang diyos, makakatanggap ka ng kapangyarihan na mapapalipas mo ang buong taon na nasa mabuting kalusugan (nang hindi nagkakasakit).

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English). Ang bersyon ng Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon ng wikang banyaga ay maaaring tingnan sa format na PDF mula sa website ng JITCO sa inyong smartphone. Mangyaring gamitin ito. (<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)



[Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay, muli kong napagmasdan ang aking sarili]

TRAN THUY AN [Nanalo ng Grand Prize sa 32nd Japanese Language Essay Contest para sa Foreign Technical Intern Trainees at Trainees]

実習実施者：株式会社ツクイ 監理団体：協同組合企業交流センター



Si TRAN THUY AN, na isang technical intern trainee mula sa Vietnam, ay nanalo ng grand prize sa Japanese essay contest na inorganisa ng JITCO. Halos isang taon at kalahati na ang nakalipas mula noong dumating siya sa Japan, at kasalukuyang sumasailalim ng pagsasanay sa isang nursing care facility sa Tokyo. Sa isyu ng Enero, napag-usapan namin kung bakit siya sumali sa essay contest, ang kanyang mga saloobin sa pagsusulat, at ang kanyang pag-aaral ng Japanese.

— **Paano ka nagpasya sa paksa para sa iyong sanaysay? Gayundin, ano ang bahagi na pinakamahirap sa pagsulat ng sanaysay?**



Nang may nagtanong sa akin mula sa head office na, "Gusto mo bang magsulat ng sanaysay sa wikang Hapon?",

tumanggi ako noong una dahil sa wala along tiwala na gawin ito. Ngunit pagkatapos basahin ang mga sanaysay na ginawa ng aking mga senpai, at sa muli kong pakikipagusap sa mga tao sa head office at, napagtanto ko na maaaring maging paksa ng aking sanaysay ang isang bagay na kadalasang hindi ko napagtutuunan ng pansin. Pagkatapos, unti-unti akong nagsimula na magkaroon ng ideya kung ano ang gusto kong isulat, at nagpasya akong magsulat ng isang sanaysay na may temang "Pagbati." First time kong magsulat ng maraming text sa wikang Hapon, kaya malaking hirap. Una, isinulat ko ang mga kaganapan at damdamin na may kaugnayan sa tema sa Vietnamese, gumawa ako ng isang pangkalahatang structure, at pagkatapos ay isinalin ang mga ito sa Japanese. Simula ng nagpasya akong isulat ito, inabot ako

ng higit sa isang buwan upang makumpleto ito.

— **Ano sa palagay mo ang mahirap sa pag-aaral ng wikang Hapon? Gayundin, mangyaring sabihin sa amin kung ano ang iyong nararamdaman habang ikaw ay nag-aaral.**

Ang pinaka mahirap sa akin sa wikang Hapon ay ang "pagbigkas." Nahirapan akong itama ang mga pagbigkas na wala sa mga salitang Vietnamese at sa mga maling salita na natutunan ko. Tungkol naman sa pagsusulat, mahirap noong una na magsulat ng mga report gamit ang nursing care terminology, ngunit unti-unti akong nasanay at ngayon ay mabilis na akong nakapagsusulat. Gusto kong pagbutihin pa ang aking Japanese level para makapasa sa JLPT N2 exam sa Hulyo. Pakiramdam ko ay mahalagang magtrabaho nang mabuti araw-araw, tulad ng pakikipag-usap sa mga Hapon sa panahon group work at training sa kumpanya at pagkumpleto ng homework.

— **Ano sa tingin mo ang kapaki-pakinabang sa iyong trabaho? Mangyaring sabihin sa amin ang isa pang episode na nagpasaya sa iyo.**

Bagama't napakaliit na bagay, mas masaya ako kapag mayroon akong nagagawa para sa matatanda. Kahit na ang trabaho ko ay araw-araw ay laging busy at napakahirap,

pakiramdam ko na ginaganahan akong magtrabaho at masaya kapag naaalala ng isang customer ang aking pangalan.

— **Mangyaring magbigay ng isang mensahe para sa aming mga mambabasa na nag-iisip na subukan ang pagsusulat ng mga sanaysay.**

Siyempre, ang pagsusulat ng isang sanaysay ay nakakatulong sa akin na matuto ng wikang Hapon, ngunit ang aking ikinatuwa ay nagawa kong muling masdan ang aking sarili. Ang kakayahang mag-isip nang malalim tungkol sa aking nararamdaman sa araw-araw ay isang karanasan na napaka-makabuluhan para sa aking trabaho sa hinaharap. Ang pagsusulat ng isang sanaysay ay isang hamon na napakahirap, ngunit sa palagay ko ay makakakita ka ng bagong bersyon ng iyong sarili kapag nakumpleto mo ito. Since, andito ka na sa Japan, bakit hindi ka maniwala sa iyong potensyal at tanggapin ang hamon sa pagsulat ng isang sanaysay.



Patuloy na magpapalano ang JITCO na magdaos ng mga Japanese essay contest sa hinaharap. Ang mga detalye ng pagtawag para sa mga aplikasyon ay ipo-post sa website ng JITCO sa sandaling ma-finalize na ang mga ito. Inaasahan naming matanggap ang inyong aplikasyon.

Ang "Japanese Language Essay Contest Excellent Works Collection 2024" ay maaaring matunghayan sa website ng JITCO.

<https://www.jitco.or.jp/ja/service/competition.html>





Trivia tungkol sa mga perang papel (bills)

Noong Hulyo 2024, ang disenyo ng mga perang papel (bills) sa Japan ay binago sa unang pagkakataon sa loob ng halos 20 taon, at ito ay mas mahirap gawing fake at mas madaling makilala. Ang mga larawan (mga mukha) sa mga bagong perang papel ay naglalarawan ng tatlong tao na nag-ambag sa modernisasyon ng Japan. Paano kaya napagpasyahan ang taong inilalarawan sa perang papel? Bagama't walang legal na itinatakda,

• Hangga't maaari, ang tao ay dapat

tunay na tao, isang taong may mga nagawa, kilala, madaling lapitan, at iginagalang ng mga tao at kumakatawan sa Japan.

- Pinili ang mga ito para sa mga kadahilanan tulad ng pagpigil sa counterfeiting, dahil hindi sila madaling ma-duplicate, at dahil mayroon silang mga natatanging mukha na nakakakuha ng atensyon ng mga tao.

Bagamat nagbago na ang mga perang papel, maaari pa ring gamitin ang mga

lumang perang papel sa kasalukuyan kaya't magingat sa maling impormasyon at mga panlolokong aktibidad na nagsasabing "hindi na magagamit ang mga lumang perang papel".

Hindi natin karaniwang tinitingnang mabuti ang mga perang papel, ngunit kapag nakatanggap ka ng mga bagong perang papel, bakit hindi mo subukang gamitin ang pagkakataong ito upang maingat na suriin ang harap at likod mula sa iba't ibang mga anggulo.

Alamin natin ang tungkol sa tatlong tao na nasa perang papel !




しぶさわえいいち

渋沢栄一 (1840-1931) ay isang negosyante noong panahon ng Meiji at Taisho at kilala bilang "ama ng ekonomiya ng Japan." Noong panahon ng Meiji, bilang opisyal ng Ministry ng Finance, nagsumikap siyang lumikha ng mga sistema para sa mga buwis, pera, mga bangko, atbp. Matapos magretiro bilang isang opisyal ng gobyerno, siya ay kasali sa pagtatatag ng higit sa 500 iba't ibang uri ng mga kumpanya, kabilang ang Unang National Bank sa Japan.



つだうめこ

津田梅子 (1864-1929) ay kilala bilang isang "pioneer ng edukasyon ng mga batang babae" at kilala bilang isang babaeng tagapagturo noong panahon ng Meiji at Taisho. Upang maiangat ang katayuan ng kababaihan, nag-aral siya sa ibang bansa at inilaan ang kanyang pagsisikap sa mas mataas na edukasyon para sa kababaihan.



きたざとしはさぶろう

北里三郎 (1853-1931) ay kilala bilang "ama ng makabagong gamot sa Japan," at responsable sa pagbuo ng mga pamamaraan para maiwasan at magamot ang sakit na "tetanus," na kinatatakutan ng mga tao noong panahong iyon, at nagligtas ng maraming buhay.

Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)

円 えん	ーズ
まい	ーモニカ
系 いと	ノレール

ニホーム	ーヒー
ロン	ーフ
マラ	ー

リコプター	び
ヤンプ	つぶ
ター	っけん

かたかなと漢字

どちらもかたかな


ひらがなとかたかな

にている字

ちがうところをしっかりと書き分けましょう。

指導 元世田谷区立小学校教諭 高橋 伶子

イラスト 奈良 恵



Isang ngiti



Ang mga trainees ay lumahok sa isang festival na ginaganap taun-taon sa isang local shrine. Nakasuot ng happi at hachimaki, naranasan din nilang magdala ng mikoshi kasama ng mga locals. Ito ay naging isang kasiya-siyang araw kung saang naranasan nila ang tradisyonal na kultura ng Hapon.

※2024年9月投稿 監理団体：TNK協同組合 実習実施者：株式会社兼藤

Hihintayin namin ang inyong aplikasyon

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Sinimulan ang paggamit ng SNS

Gumawa kami ng mga bagong official account ng JITCO sa Facebook at X. Ang account sa Facebook ay mamamahagi ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga dayuhang manggagawa, at ang X ay mamamahagi ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga tumatanggap ng mga dayuhang manggagawa. Ipapamahagi ang Facebook sa 10 wika kabilang na ang wikang Hapon. Mangyaring i-follow kami at pindutin ang "Like".



ひらがなも、カタカナも、もとは漢字です。ひらがなは漢字の全体をくずし、カタカナは漢字の一部を取り出して作りました。まちがいが多いのが、「シ」と「ツ」です。シは「之」、ツは「川」が元の字です。点の並び方の違いは、「シ」はたて、「ツ」は横と覚えるといいですね。



Ang Hiragana at Katakana ay parehong orihinal na nagmula sa kanji. Nalikha ang Hiragana sa pamamagitan ng paghiwa-hiwalay ng buong kanji, at ang Katakana ay nilikha sa pamamagitan ng pagkuha ng isang bahagi ng kanji. Pangkaraniwang nagkakamali sa 「シ」 at 「ツ」. Ang シ ay 「之」, ang ツay 「川」 ang orihinal na character. Magandang ideya na tandaan ang pagkakaiba sa kung paano nakaayos ang mga tuldok. Ang 「シ」 ay patayo, ang ツay pahalang!

とも

2025年1月 冬季号

2025年1月1日発行

発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5 五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

電話

JITCO ホームページ

<https://www.jitco.or.jp/>

Facebook

jitco.official

X

@jitco_official